


# Edukasyong Pangkatawan

Kwarter 1 – Modyul 3:  
Striking/Fielding Games: Syato



**Edukasyong Pangkatawan – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 3: Mga Larong Pinoy: Striking/Fielding Games  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Elena B. Plandes  
**Editor:** Rafael A. Balde  
**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez  
**Tagaguhit:** Henny Ray Daet  
**Tagalapat:** Schriel E. Ladesma  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad  
Francisco B. Bulalacao, Jr.  
Grace U. Rabales  
Ma. Leilani R. Lorico  
Jerson V. Toralde  
Belen B. Pili  
Cynthia T. Montanez

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis Legaspi City 4500  
Telefax: 0917 178 1288  
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# Edukasyong Pangkatawan

Kwarter 1 – Modyul 3:  
Larong Striking/Fielding: Syato

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at maling ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng paalala, pantulong o stratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanikanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa hinandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroong din pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang nangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa mga pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matuto ang ating mga mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na ito, ay tumatalakay sa mga Larong Pinoy na mainam na gawaing pisikal upang mapaunlad at malinang ang ating mga kakayahang pisikal. Maraming Larong Pinoy ang makakatulong para mapaunlad ang tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power. Makabubuti para sa kalusugan mo kung madalas ang pakikilahok natin sa ganitong uri ng mga gawain.

Ang modyul na ito ay may tatlong aralin:

Aralin 1: Introduksiyon sa Striking/Fielding Game: Syato

Aralin 2: Payabungin ang Kasanayan

Aralin 3: Pagsasabuhay ng Natutuhan

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. Naisasagawa ang iba't ibang kasanayan sa larong Syato.  
(PE4GS-Ic-h-4)  
*(Executes the different skills involved in the game)*
2. Natataya ang pagsasagawa ng mga kasanayan pisikal ayon sa mga gawin ng Physical Activity Pyramid. (PE4PF-Ib-h-20)  
*(Assesses regularly participation in physical activities based on physical activity pyramid.)*
3. Nasusunod nang may pag-iingat ang mga kasanayan sa laro.  
(PE4GS-Ib-h-3)  
*(Observes safety precautions.)*
4. Nakapagpapakita ng may paggalang at kagalakan sa mga kasapi ng koponan ng laro. (PE4Pf-Ib-h-20)  
*(Displays joy of effort, respect for others and fair play during participation in physical activities.)*

**Aralin****1****Introduksiyon sa Larong  
Striking/Fielding Game: Syato****Subukin**

Ihanda ang sarili para sa panibagong larong iyong matututuhan.

Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung tama o mali ang ipinapahayag.

1. Ang syato ay isang larong pinoy. \_\_\_\_\_
2. Ito ay maaaring laruin ng iilan laman o kaya pangkat ng mga manlalaro. \_\_\_\_\_
3. Ang malayong mararating ng patpat ang isa sa mga kapana-panabik na pangyayari sa larong syato. \_\_\_\_\_
4. Dapat magaling ang manlalaro sa pagsalo ng patpat. \_\_\_\_\_
5. Nalilinigang ng larong syato ang tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power. \_\_\_\_\_
6. Ang mga kasanayan sa larong syato ay ang pagpukol o pagpalo, pagtakbo, pagsalo at paglukso. \_\_\_\_\_
7. Ang patpat na ginagamit sa larong syato ay magkapareho ang haba.
8. Ang kagamitan sa larong syato ay isang maliit na patpat. \_\_\_\_\_
9. Sa paglalaro ng syato, kailangan natin maging maingat para hindi makasakit kaninuman. \_\_\_\_\_
10. Tanggapin ng maluwag sa kalooban kung hindi ka nagwagi sa larong syato. \_\_\_\_\_



## ***Balikan***

Bago natin matutunan ang bagong larong pag-aaralan, balikan muna natin ang nakaraang aralin. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano anong mga kasanayan ang nalilinang ng tumbang preso?
2. Ano ang nalilinang sa mga kasanayang pagtakbo, pagtudla o pagtarget at pag-ilag?
3. Ano ang kahalagahan ng paglinang o pagpapaunlad ng muscular endurance?

Handa na ba kayo sa para sa panibagong laro natin ngayon?



## **Tuklasin**

Pag-aralan ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Anong laro ang nasa larawan?

Ikaw ba ay naglalaro nito? Kung oo ang iyong sagot nagustuhan mo ba ang larong ito? Bakit?



### **Anong uri ng laro ang syato?**

Ang larong syato ay isang larong striking/fielding game na nangangailangan ng mga kasanayang pagpukol o pagpalo, pagtakbo, at pagsalo na nakalilinig o nagkapagpapaunlad ng tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power.

Anong kagamitan ang ginagamit sa larong syato?

Mga kagamitan:

- Maliit o maikling patpat bawat manlalaro
- Malaki o mahabang patpat bawat manlalaro





## ***Suriin***

Alamin at intindihiing mabuti ang mga paraan ng paglalaro ng syato.

1. Gumawa ng butas sa lupa na korteng bangka at ilagay ang maliit na patpat na nakausli ang kalahating bahagi (nakabaon ang isang bahagi at ang kabilang bahagi ay nasa ere o walang tinatamaan).
2. Paluin ang maliit na patpat sa bahaging nasa ere gamit ang malaking patpat. Paliparin ang maliit na patpat sa ere. Ang kalaban naman ay susubuking saluhin ito. Kung masalo ang patpat, ang kalaban naman ang titira at magiging “out” ang naunang manlalaro.
3. Kung hindi ito nasalo, mula sa butas ay ilalapag ang malaking patpat at igalaw ito nang pabaliktad at tuloy-tuloy hanggang sa maabot ang kinalalagyan ng maliit na patpat. Kung ilang beses tuloy-tuloy na napabaliktad ang malaking patpat ay siyang bilang ng puntos ng unang manlalaro.
4. Magpapalit ng posisyon ang mga manlalaro at gagawin muli ang paraan ng paglalaro. Magsasalitan ang mga miyembro ng grupo sa pagpukol at pagsalo ng patpat.
5. Kapag nakaabot na sa itinakdang bilang ng puntos (halimbawa: 50 o 100 o higit pa) ang isang grupo, maaari na silang umusad sa susunod na yugto ng paglalaro. Hindi uusad sa susunod na yugto hangga’t hindi naaabot ang itinakdang bilang ng puntos.

6. Ilagay muli ang maliit na patpat sa hinukay na butas na nakausli ang kalahating bahagi. Paluin muli ang maliit na patpat gamit ang malaking patpat para lumipad sa ere.

Kapag ito ay nasa ere na, susubukin muling paluin itong papalayo. Kung hindi tinamaan ang patpat ay “out” na ang manlalaro at ang kalaban naman ang susubok.

7. Kung tinamaan naman ang patpat at lumayo, magbibilang muli gamit ang malaking patpat mula sa butas hanggang maabot ang kinalalagyan ng maliit na patpat.


8. Magsasalitan ang mga miyembro ng grupo sa pagpukol sa patpat kahit pa natamaan ito sa ere. 9. Kapag nakaabot na sa itinakdang bilang ng puntos (halimbawa: 50 o 100 o higit pa) ang isang grupo, sila na ang panalo.

Sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Kopyahin ang tsart sa ibaba. Isulat ang mga kasanayan sa larong syato. Ano ang nalilinang o napapaunlad ng mga kasanayang ito?

<b>Mga Kasanayan</b>	<b>Nalilinang o Napapaunlad na Bahagi ng Katawan</b>

2. Mahalaga bang malinang o mapaunlad ang tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power? Bakit



## **Pagyamanin**

Kopyahin ang tsart. Gawin at lagyan ng tsek kung naisagawa o hindi naisagawa nang mahusay ang mga kasanayan sa paglalaro ng syato. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

<b>Mga Gawain</b>	<b>Beses na Gagawin</b>	<b>Naisasagawa nang Mahusay</b>	<b>Hindi naisasagawa nang Mahusay</b>
1. pag-strike	5		
3. pagpukol/pagpalo	3		
3. pagtakbo	4		
4. pagsalo	5		



## **Karagdagang Gawain**

Piliin sa loob ng kahon ang iba pang mga kasanayang naglilinang o nagpapaunlad ng tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power. Isulat sa sagutang papel.

pagpalo ng patpat  
pagtakbo para saluhin ang patpat  
pagsalo ng patpat sa ere  
paghawak ng patpat  
paglagay ng patpat sa butas ng lupa

***Balikan***

Ano ang natutunan nyo sa nakaraang aralin?

Sagutan ng Tama o Mali ang bawat pangungusap. Isulat sa inyong sagutang papel.

1. Kailangan malinang at mapaunlad ang muscular endurance at power. \_\_\_\_\_
2. Hindi lamang ang pageehersisyo kundi ang pagkain ng masustansyang gulay at prutas para tayo para malinang ang tatag ng kalamnan at power. \_\_\_\_\_
3. Ang pagtakbo ay nangangailangan ng tatag ng kalamnan habang ang pagbato ay nangangailangan ng power.  
\_\_\_\_\_
4. Ang muscular endurance at power ay sangkap ng Physical Fitness. \_\_\_\_\_
5. Ang paglalaro ng holen ay nagpapatatag ng muscular endurance. \_\_\_\_\_



## **Tuklasin**

Kaya mo bang gawin ang nasa larawan? Gayahin o gawin ang nasa larawan nang ilang ulit. Pagkatapos, sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Handa na ba?



Pagtakbo ng mabilis



Paghagis ng bola



Paglukso

1. Ano anong kasanayan ang ginawa mo?
2. Alin sa mga kasanayan ang nakapaglilinig o nakapagpapaunlad ng katatagan ng kalamnan (muscular endurance) at power?
3. Bakit kailangan malinang at mapaunlad ang tatag ng iyong kalamnan at power?



## ***Suriin***

Ang larong syato ay nangangailangan ng mga kasanayang pagpukol o pagpalo, pagtakbo at pagsalo na nakakalinang o nakapagpapaunlad ng tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power.

Ang pagpukol o pagpalo sa patpat na pinalo ay nangangailangan ng power habang ang pagtakbo para subuking saluhin ang patpat na pinalo ay nangangailangan ng tatag ng kalamnan.




Sagutan ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel

1. Ang larong syato ay nalilinig ang kasanayang pagpukol o pagpalo, pagtakbo at \_\_\_\_\_.  
A. paghagis      B. pagsipa      C. pagsalo      d. paglukso
2. Nalilinig o napapaunlad ng larong syato ay ang \_\_\_\_\_.  
A. tatag ng kalamnan at power  
B. tatag ng kalamnan  
C. tatag ng kamay at binti  
D. tatag ng lakas ng katawan

3. Alin sa mga sumusunod ang mahalagang kasanayan sa paglalaro ng syato?

- A. paglakad
- B. pagkandirit
- B. pagpalo nang malakas
- D. pagtayo



## Pagyamanin

### Unang Gawain

Lagyan ng tsek (/) ang larawang nagpapakita ng paglinang sa katatagan ng kalamnan at power at ekis (x) kung hindi.

1. \_\_\_\_\_



2. \_\_\_\_\_



3. \_\_\_\_\_



4. \_\_\_\_\_



5. \_\_\_\_\_



## **Ikalawang Gawain**

Excited na ba kayong maglaro ng syato?

Bago kayo maglaro gawin ang ilang pampasiglang Gawain.

1. Ilagay ang kamay sa beywang at itaas ang kanan at kaliwang paa (8 beses)
2. Pagbaluktot ng katawan sa harap, tagiliran, at likuran (8 beses)
3. Paggawa ng jumping jack (8 beses)

## **Ikatlong Gawain**

Anyayahan ang iyong kapatid o kalaro na maglaro ng syato. Sa paglaro ninyo ng syato ay ikaw muna ang magiging “IT” o taya. Laging tandaan maging maingat sa sarili at sa kapwa manlalaro. Basahin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Masaya ba ang inyong paglalaro?
2. Nanalo ka ba? Kung oo, anong naramdaman mo? Kung hindi, ano ang dapat mong gawin upang mas lalo pang mapaunlad ang iyong kakayahan?
3. Ano anong mga kasanayan ang naisagawa mo?

## **Ikaapat na Gawain**

Matapos ang inyong masayang laro, gawin ang mga sumusunod na pampalamig na gawain (Cool Down).

1. pag-unat ng beywang (8beses)
2. pagpapaikot ng balikat (8 beses)
3. pagtayo at pag-upo hanggang tuhod (8 beses)





## ***Karagdagang Gawain***

Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na kasanayan sa paglalaro ng syato ang sa palagay mo ay dapat mo pang pagyamanin o mas lalo pang mapagbuti?
2. Itala ang mga gawaing maaari mong gawin upang mapaunlad mo ang iyong kasanayan at kakayahan sa paglalaro ng syato.

## Aralin

# 3

## Pagsasabuhay Nang Natutuhan



### ***Balikan***

Bago tayo magpatuloy ng susunod na aralin sa araw na ito, balikan natin ang napag-aralan tungkol sa larong syato. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel.

1. Ano-anong mga kasanayan ang nalilintang sa larong syato?

---

2. Ano ang nalilintang sa larong syato?

---




### ***Isaisip***

Basahin.

Ang pakikilahok sa mga laro tulad ng syato ay mainam na paraan upang mapaunlad ang tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power. Maaari mo itong laruin kasama ang mga miyembro ng iyong pamilya. Ang paglalaro kasama ang miyembro ng pamilya ay isang magandang paraan upang mapagyabong ang pagsasama ng pamilya.





## **Pagyamanin**

Alam ko na magaling ka. Sigurado ako na masasagutan mo ang sunod na gawain. Lagyan ng tsek (/) ang mga gawain na nagpapakita mng o maikakapit sa natutunan sa paglalaro ng syato at ekis (x) kung hindi.

1. pag-akyat sa hagdan \_\_\_\_\_
2. Paghagis ng bola \_\_\_\_\_
3. Pagtakbo ng mabilis \_\_\_\_\_
4. Pagsalo sa bola \_\_\_\_\_
5. Pagdampot ng bagay \_\_\_\_\_



## **Tayain**

Isulat kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama o mali isa inyong sagutang papel.

1. Ang larong syato ay isang striking/fielding game.
2. Ang mga kasanayang gaya ng pagpukol o pagpalo, pagtakbo, at pagsalo na nakalilalang o nakapagpapaunlad ng tatag ng kalamnan (muscular endurance) at power.
3. Ang pagsalo sa patpat ay nangangailangan ng power.
4. Ang muscular endurance at power ay sangkap ng Physical Fitness.
5. Ang striking o fielding game ay makakatulong nang malaki sa paglinang ng mga sangkap ng physical fitness.
6. Naipapakita ang tatag ng iyong kalamnan at power sa paglalaro ng syato.
7. Palagiang maghugas ng kamay pagkatapos maglaro.
8. Dapat sundin ang alituntunin at pag-iingat sa paglalaro.
9. Nakakabuti sa ating kalusugan ang pakikilahok sa mga gawaing pisikal.
10. Naipapakita ang kasiyahan sa pakikipaglaro kung natututo tayong tumanggap ng pagkatalo.



## ***Karagdagang Gawain***

Mangalap ng mga larawan na nagpapakita ng mga gawain na naglilinigang o nagpapaunlad ng muscular endurance at power. Idikit ito sa inyong sagutang papel.

Binabati kita at natapos mong muli ang modyul na ito.





## Susi sa Pagwawasto

Lesson 1  
Subukin  
1. Tama 2. Tama  
3. Tama 4. Tama  
5. Tama 6. Mali  
7. Mali 8. Mali  
9. Tama 10. Tama  
Balikan  
1. pagtakbo  
pagpukol/pagtarget  
pagsalo  
2. muscular endurance  
at power  
3. para mas malusog  
ang pangangatwan  
4. pagjogging,  
Surtin  
1. pagpukol-power  
pagsalo-muscular  
paghagis-muscular  
2. dahil makabubuti  
ito para sa kalusugan  
Karagdagang Gawain  
1. pagpalo ng patpat  
2. pagtakbo para  
saluhin ang patpat  
3. pagsalo ng patpat sa  
ere

Lesson 2  
Balikan  
1. Tama  
2. Tama  
3. Tama  
4. Tama  
5. Mali  
Tuklasin  
1. psgtakbo  
pag-unat ng  
kawatwan  
push-up  
2. pagtakbo,  
push up  
3. para malakas  
ang  
pangangatwan  
Surtin  
1. C 2. A 3. B  
Pagyamanin  
1. / 2. x 3. /  
4. x 5. /  
Pagyamanin  
Gawain 1  
1. / 2. x 3. /  
4. x 5. /  
Gawain 3  
1. oo  
2. pagpalo  
3. oo, masaya  
dahil naipakita  
ko ng maayos  
ang ib-ibang  
kasanayan sa  
larong syato

Gawain 4  
1. muscular  
endurance  
2. power  
3. larong syato  
4. kasanayan  
5. striking games  
karagdagang  
Gawain  
answers may vary

Lesson 3  
Balikan  
1. pagpukol o  
pagpalo,  
pagtakbo,  
pagsalo  
2. muscular  
endurance  
at power  
Pagyamanin  
1. x 2. /  
3. / 4. / 5. x  
Tayain  
1. Tama  
2. Tama  
3. Tama  
4. Tama  
5. Tama  
6. Tama  
7. Tama  
8. Tama  
9. Tama  
10. Tama

## **SANGGUNIAN:**

Edukasyong Pangkatawan at Pangkalusugan  
Kagamitan ng Mag-aaral p.63-65  
Unang Edisyon **2015**

### **Edukasyong Pangkatawan 4**

Punong Tagapamahala: Jenny Jalandoni Bendal

Konsultant: Salve A. Favila, Ph.D

Mga Tagasuri ng Nilalaman: Lordinio A. Vergara, Jo-ann G.  
Grecia at Rachelle U. Peneyra

Mga Manunulat: Grace M. Forniz, Ruby TN Jimeno,  
Sonny F. Meneses, Jr., Teresita F. Evangelista,  
Genia V. Santos, Julia B. Sabas,  
Rhodora B. Pena, at Amphy B. Ampong

Tagasuri ng Wika: Crisencia G. Saludez

Mga Tagaguhit: Gerardo G. Lacdao, Joselito P. Loresto,  
Niles S. Arguelles, Elvion Neal B. Bersamira,  
at Jason o. Villena

Mga Nag- layout: Mark Anthony E. Jalandoni at Mickey C.  
Acorda

(Lesson 1)

<https://image.shutterstock.com/image-vector/teacher-woman-260nw-532686670.jpg>

larong syato

[https://lh3.googleusercontent.com/CzM5jvr36mAhxH-vccfruej8iy95iZ1YHjsioSrNyMAG2nd0pYP-GXJkmN\\_B-p9UuJFW](https://lh3.googleusercontent.com/CzM5jvr36mAhxH-vccfruej8iy95iZ1YHjsioSrNyMAG2nd0pYP-GXJkmN_B-p9UuJFW)

<https://i.pining.com/474x/e4/4a/53/e44a538efd1fec42b413a8c47ad02f03.jpg>

(Lesson 2)

[https://t3.ftcdn.net/jpg/02/45/12/22/360\\_F\\_245122263\\_1m1ckBxAFnPkckgjRKuR7jCQVGWqH3Ws.jpg](https://t3.ftcdn.net/jpg/02/45/12/22/360_F_245122263_1m1ckBxAFnPkckgjRKuR7jCQVGWqH3Ws.jpg)

[https://lh3.googleusercontent.com/proxy/ojfgAL72VBgZ96YzevLYx4i2lC-KbmyFsyGm85r\\_B8OG8Q9GKpiwA9fYP-Lt5dFxpCk8F4L9vnKJEp7dbgyRIpbvUlruUxw](https://lh3.googleusercontent.com/proxy/ojfgAL72VBgZ96YzevLYx4i2lC-KbmyFsyGm85r_B8OG8Q9GKpiwA9fYP-Lt5dFxpCk8F4L9vnKJEp7dbgyRIpbvUlruUxw)

[https://as1.ftcdn.net/jpg/02/53/72/70/500\\_F\\_253727057\\_rh rFsYXJdtBDBnO0RPowMbUgPiIz1Zcj.jpg](https://as1.ftcdn.net/jpg/02/53/72/70/500_F_253727057_rh rFsYXJdtBDBnO0RPowMbUgPiIz1Zcj.jpg)

<https://webstockreview.net/images/badminton-clipart-black-and-white-12.jpg>

(Lesson 3)

[https://www.clipartkey.com/mpngs/m/175-1750517\\_hand-okay-thumb-transparent-background-teacher-cartoon-png.png](https://www.clipartkey.com/mpngs/m/175-1750517_hand-okay-thumb-transparent-background-teacher-cartoon-png.png)

<https://previews.123rf.com/images/bubululu/bubululu1612/bubululu161200099/69004429-little-boy-pointing-his-finger-cartoon.jpg>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-  
BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)